# Pagtukoy at Pagpapakahulugan sa mga Akdang Maritimo sa Pilipinas:

## Mga Makabuluhang Katangian at Kaugnay na Usapin

JOANNE VISAYA MANZANO

*Katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Kabilang sa mga interes sa pananaliksik ang panitikang maritimo sa Pilipinas, panitikang seaman, kilusang pesante sa Lambak ng Cagayan, at Araling Amianan. Awtor ng aklat na Ang Pilipinong Seaman sa Globalisasyon: Mga Naratibo ng Pagsubok at Pakikibaka (2018) at nakapaglathala ng mga artikulo sa journal kaugnay ng mga nasabing paksa. Miyembro si Prop. Manzano ng Taripnong Cagayan Valley at All UP Academic Employees Union.*

**ABSTRAK**

Sa artikulo, isinusulong na sa pagturing sa Panitikang Maritimo bilang nagsasariling domeyn sa Panitikan, mas mapalilitaw ang mga katangian at kakanyahang makabuluhan sa Pilipinong kultura at pagkakakilanlan. Sa ganitong konteksto, mahalagang magkaroon ng lente sa panunuring pampanitikan na idinisenyo at iniangkop sa mga gawaing kaugnay ng dagat. Gayunman, kinaharap sa proseso ng pananaliksik ang dalawang matitingkad na suliranin: (1) May kakulangan sa sistematiko at komprehensibong dokumentasyon ng mga akdang maritimo at (2) walang malinaw at eksplisit na pagpapakahulugan sa Panitikang Maritimo ng Pilipinas. Upang makabuluhang masuri ang maritimo bilang domeyn, isinagawa muna ang pagtukoy sa mga akdang maaaring kumatawan dito. Ang papel na ito ay pagbabahagi ng mga

**ABSTRACT**

The article argues that by categorizing the oceanic texts as a separate literary domain, the maritime Filipino character and significance can effectively come forth. In this context, there is a need to formulate frameworks and modes of knowing that are designed for the purpose of understanding the sea. However, in the process of developing the research, two major difficulties were encountered: (1) The lack of systematic and comprehensive documentation of maritime texts and (2) the absence of clear and explicit definition of Maritime Literature in the Philippines. In order to effectively develop the maritime as a literary domain, it is essential to identify the creative works first. Contrary to my initial belief, it appears that the mere presence of the sea in the text will not suffice for it to be considered "maritime." The paper shares the

naranasang kompleksiti sa seleksiyon at kategorisasyon ng mga malikhaing teksto. Taliwas sa inisyal na pananaw, hindi makasasapat ang simpleng paglahok sa dagat upang maituring na "maritimo" ang isang akda. Kaugnay nito, ibinabahagi ang importanteng mga katangian at usaping lumabas sa panunuri ng mga piling nobela at maikling kuwento. Inaasahang makapag-aambag ang pagsasaalang-alang sa mga ito sa makabuluhang pagpapakahulugan sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas.

**Mga Susing Salita:** Panitikang Maritimo, Anyong Pampanitikan, Pampanitikang Domeyn, Talasograpiya, Dagat, Tekstong Maritimo

complexity of selection and categorization encountered in analyzing selected novels and short stories. It explains some of the important features found in the texts and related concerns that may contribute to a more relevant definition of Maritime Literature in the Philippines.

**Keywords:** Maritime Literature, Literary Genre, Literary Domain, Thalassography, Maritime Text

*Kinakalong ang mga iniingatang lihim*
*ng iba't ibang lunan*
*ng hindi masukat na dagat*
*gayong ako ang tanging may-ari*
*na akin din namang ibabahagi.*
-Mula sa "Anina ng mga Alon" (Evasco 77)

## PANIMULA

"May kahinaan ang tradisyong maritimo sa panitikan ng Pilipinas" - isa ito sa mga inilitaw na suliranin ni Resil Mojares ("The Imaginary Body of the Nation" 218) sa lektura sa UP Diliman bilang bahagi ng pagdiriwang sa sentenaryo ng kasarinlan ng bansa noong 1998. Ayon sa kaniya, mahalagang suriin ang pag-akda sa dagat sa mga nobelang Pilipino sa pagbibigay-kahulugan sa nasyon. Dalawang dekada makalipas ang pag-uusisa ni Mojares, inasahan kong natugunan na ang nasabing suliranin upang maging tungtungan sana ng planong saliksik tungkol sa kasaysayang pampanitikan ng mga akdang tumatalakay sa karagatan (at mga kaugnay na konsepto). Taong 2016 nang balangkasin ang pag-aaral na may panimulang layunin na maitala ang produksiyong literari ng maritimong akda upang mamalas ang diyakronikong pag-unlad nito. Sentral sa ganitong uri ng pananaliksik ang pagtitipon at pagbibilang ng mga teksto. Gayunman, wala akong natagpuang malinaw o eksplisit na depinisyon ng "Panitikang Maritimo" sa Pilipinas. Kaugnay nito, walang komprehensibong pagtukoy at pagkategorya sa mga "akdang maritimo." Maaaring may "intuitive" na pagpapakahulugan ang mga iskolar subalit mahalaga pa ring matugunan ito sa empirikal na pamamaraan.

Sa kabila nito, dahil integral sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas ang karagatan dahil sa katangiang pulo-pulo, hindi kapani-paniwalang dahop ang malikhaing pagpaksa sa dagat at mga gawaing kaugnay nito. Sa inisyal na hinuha, hindi pa lamang masinop na natitipon at akademikong nasusuri ang mga tekstong maaaring kumatawan sa panitikang maritimo. Bukod dito, marahil ay hindi rin masiglang nailalahok sa kritisismong pampanitikan ang mga akda kung saan sentral ang karagatan kaya may kahinaan sa pagpapaunlad sa pagteteorya. Maituturing ang mga ito na pansamantalang sagwil na mahalagang matawid upang mas maitampok ang katangiang arkipelahiko ng ating kultura.

Dahil hindi pa makapagtukoy ng mga akdang maritimo, naiba ang direksiyon ng saliksik at isinagawa muna ang pagkalap ng mga akda. Ang papel na ito ay pagbabahagi ng mga naranasang kompleksiti sa seleksiyon at kategorisasyon ng mga malikhaing teksto. Taliwas sa inisyal na pananaw, hindi sapat ang simpleng paglahok sa dagat upang maituring na "maritimo." Upang makapaghain ng gabay sa mga nasa parehong larang ng interes, ibabahagi ang mga katangiang lumitaw mula sa mga sinuring nobela at maikling kuwento. Mahalagang maisaalang-alang ito at ang kaugnay na mga usapin upang mas maging makabuluhan ang pagtukoy at pagpapakahulugan sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas.

**INISYAL NA PAGPAPAKAHULUGAN SA "PANITIKANG MARITIMO"**

Katulad ng ibang eksploratoring pag-aaral, kailangang harapin ng mananaliksik ang paglilinaw ng mga susing konsepto. Importante ito upang makausad sa paglalatag ng mga pamantayan para sa seleksiyon ng mga akdang susuriin. Sa inisyal na pagbibigay-kahulugan sa mga konsepto at proseso, hindi maiiwasang masaklaw ang mga dayuhang saliksik dahil sa kakulangan ng mga lokal na materyales. Walang intensiyong gawing modelo at pamantayan ang karanasan ng Kanluran subalit sumangguni sa umiiral nang pag-aaral dahil sa relatibong maunlad na pagteteorya tungkol sa literaturang maritimo. Inilangkap ang mga ito sa saliksik nang may pag-iingat at isinailalim sa interogasyon kung naaangkop sa paksang tinatalakay. Sa huli, pangunahing layunin pa rin na masusing mapag-aralan ang mga tekstong pampanitikan upang mapalitaw ang mga katangiang maritimo sa Pilipinas. Malugod namang inilahok ang mga Pilipinong manunulat na pumaksa sa kasaysayan, kultura, at panitikang dagat.

Sa mga literatura, binibigyang-kahulugan ang Panitikang Maritimo bilang mayaman at buhaghag na katawan ng mga akda tungkol sa dagat at paglalakbay sa dagat (Foulke xi). Tinutukoy nito ang kalipunan ng mga akda kung saan *kritikal* ang dagat sa kuwento. Matatagpuan ito kung saan esensiyal sa mga katha ang karagatan bilang sabjek at ang mga pook kung saan malaganap ang tunog at 'amoy' ng dagat (Mack 13). Gayundin, pangunahin ang maritimong representasyon (Mathieson 3) at matingkad ang maritimong danas sa naratibo (Gidmark x). Masasabing heneriko ang ganitong pagpapakahulugan dahil sa saklaw at kompleks na katangian ng dagat kaya mahirap itong bigyan ng depinidong kahulugan. Paliwanag ni Windmüller, halos imposibleng maikategorya ang panitikang dagat dahil sa yaman ng mga tekstong umiiral mula sa mga naratibo ng paglalakbay hanggang talambuhay ng mga kapitan (23). Kapag pinag-uusapan ang literaturang maritimo, malimit

na nauugnay ito sa pangingisda, paglubog ng barko, migrasyon, at paglalakbay sa layuning komersiyal at militar (Yamashiro 13). Sa pagdaan ng panahon, nadagdagan o nabawasan ang mga gawaing kaugnay ng dagat subalit nananatili itong lunan para sa haraya ng malikhaing manunulat.

Sinasaklaw ng terminong "maritimo" ang malawak na sakop ng pakikipag-ugnayan sa karagatan (Baker 5). Nangangahulugan din itong "mula, kaugnay, o katabi ng dagat" o dagat na "naglalarawan ng kalagayan" at "nagmumungkahi o nakapupukaw ng partikular na disposisyon o estruktura ng emosyon o kultura" (Baker 5-6). Inuunawa rin ang konsepto ng "dagat" bilang espasyong bumubuo hindi lamang sa mismong katubigan kundi sa kalapit na mga espasyo at kalagayan na mapanuring inuunawa bilang sona ng pagtatagpo (contact zone) (Windmüller 48). Sa panitikan, ang nabanggit na mga sona ay nagsisilbing lunan ng aksiyong nakapagluluwal ng mga maritimong gawain katulad ng isla; dalampasigan; at bangka, barko, o sakayan. Gagamitin naman sa papel na ito ang simplistikong paglalarawan sa dagat bilang (1) pangkalahatang pagtitipon ng mga tubig at (2) hindi lupa (Sobecki 5). Sa unang kahulugan, ibinubukod ang ilog at mga anyong hindi kasama sa katipunan ng katubigan; samantalang pinatitingkad naman ng ikalawa ang katangiang solido ng kalupaan (*terra firma*).

**REBYU NG KAUGNAY NA LITERATURA**


Mga malikhaing akda ang naging tuon dahil hitik na lunan ang panitikan upang pag-aralan ang haraya sa pook. Mabisa ang imahinasyon ng manunulat upang masalamin ang pagpapahalaga at pag-unawa sa kalagayang pulo-pulo ng Pilipinas. May pagkakaiba ito sa mga produksiyon sa Agham Panlipunan dahil eksplisit sa mga naratibo ang pagtahi sa materyal at metaporikal upang maging nauunawaang kabuuan. May progresibong potensiyal ang malikhain upang tuligsain ang mga kapuna-punang kondisyong panlipunan at maghain ng mga bagong tunguhin. Mayamang bukal ang panitikan upang halawan ng mga historikal at kultural na pag-iral at posibilidad.

Sa mga anyong pampanitikan, ipinasyang pagtuunan ang nobela at maikling kuwento sa Filipino at Ingles ng mga Pilipinong manunulat. Itinabi muna ang tula at dula na naghatid ng maraming kompleks na usapin dahil sa malaganap na paggamit ng simboliko o metaporikal na dagat. Gayunman, mahalagang mailahok ang iba pang mga anyo sa hinaharap na mga saliksik para sa komprehensibong pagtatala ng mga akdang maritimo sa Pilipinas.

Sa layuning makapaglinaw, mahalaga ring balikan ang inihaing pamamalagay na walang eksplisit na depinisyon ang Panitikang Maritimo sa Pilipinas. Posibleng umiiral ito at hindi ko lamang nahanap dahil sa bulto ng literaturang kailangang suriin. Isasalaysay ko ang proseso ng paggalugad sa mga saliksik sa mga silid-aklatan kaya nalikha ang nasabing asumpsiyon. Una kong hinanap ang mga susing salita "literatura/ panitikang dagat," "literatura/ panitikan tungkol sa dagat," "literatura/ panitikang pumapaksa sa karagatan," "literatura/ panitikang maritimo," at ang katumbas ng mga ito sa Ingles sa OPAC at sa internet. Nagresulta ang paghahanap ng maraming Kanluraning pag-aaral subalit sa

kasamaang palad, walang lumabas sa Filipino. Mas nagbunga naman ang mga salitang "dagat," "karagatan," "maritimo," "mangingisda" at mga kaugnay na bokabularyong maritimo (at muli, katumbas na mga termino sa Ingles). Gayunman, karamihan sa mga akda ay nasa disiplina ng Agham Panlipunan at hindi lahat ng nasa Humanidades ay akdang maritimo. Maaaring gamitin ng mga manunulat ang "dagat," "alon," o "bangka" bilang metapora kahit walang kinalaman sa literal na dagat, alon, o bangka. Sa kabilang banda, maaaring wala sa pamagat ang "karagatan" (at kaugnay na mga konsepto) subalit karagatan ang pangunahing paksa ng malikhaing teksto.

Sunod namang sinangguni ang mga ensayklopedya at antolohiya ng mga malikhaing akda. Itatala bilang mga batayan ng paghahambing, subalit hindi modelo, ang hitik na produksiyong Kanluranin na nakasalamuha sa paghahanap ng mga datos.[1] Ilan lamang sa mga ito ang *The Oxford Book of the Sea* (1993) at *Encyclopedia of American Literature of the Sea and Great Lakes* (2001). Makikita rin ang pag-unlad ng teorya, kasaysayan, at kritisismong pampanitikan sa *James Fenimore Cooper and the Development of American Sea Fiction* (1961), *The Sea and Medieval English Literature* (2008), *Maritime Fiction: Sailors and the Sea in British and American Novels 1719-1917* (2001), *The Novel and the Sea* (2010), *Rushing Into Floods: Staging the Sea in Restoration and Early Eighteenth-Century English Drama* (2012), *American Sea Literature: Seascapes, Beach Narratives, and Underwater Explorations* (2014), at *Fictions of the Sea: Critical Perspectives in British Literature* (2016). Hindi nakapagtataka, kung gayon, na kahit sa internet, madaling mamalas ang kasaysayan ng produksiyong literari na makikita sa graf mula sa Google Books Ngram Viewer.[2] Biswal na representasyon ito ng dalas ng pagpapaksa sa dagat, lupa, at hangin sa English Fiction mula 1600 hanggang 2008:




**Graf 1.** Dalas ng pagpapaksa sa hangin, lupa, at dagat sa mga fiksiyong Ingles

Hindi lamang natipon kundi na-digitize na ang 400 taong mga maritimong tekstong Ingles. Dahil dito, mabilis na itong magkareresulta sa mga paghihinuha at mas malalim na pag-aaral tungkol sa paghupa ng pagpaksa sa dagat sa kalagitnaan ng 1700.

Sa kabilang banda, nang sangguniin ang mga akda sa Pilpinas sa Filipino at Ingles, walang natagpuang ensayklopedya na espesipikong pumapaksa sa maritimo. Dahil dito, pangunahing naging gabay ang *CCP Encyclopedia of Philippine Art (Literature)* (1994) ng Cultural Center of the Philippines, *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until the 1940* (1983, 1998) ni Resil Mojares, at *Bibliography of Filipino Novels, 1901-2000* (2008) ni Patricia May Jurilla. Makabuluhan ang CCP Encyclopedia dahil nasasaklaw nito ang produksiyong literari ng buong Pilipinas. Mga antolohiya naman ang pangunahing sinangguni upang mapili ang mga maikling kuwentong ilalahok sa sampol. Kung ihahambing sa nobela, mas mayaman ang balon ng anyong ito at mas partikular ang pagpaksa sa dagat at kaugnay na mga gawain. Sinuri din ang panitikang seaman na kinalap sa mga antolohiya at mga magasing popular (limbag at online) na naglalathala ng mga malikhaing akda ng mga Pilipinong seaman. Naging kapaki-pakinabang ang *Ani: CCP Literary Journal* (2008) at nakapagtipon at nakapagsuri na rin ng mga akdang seaman sa sariling artikulo na "Panimulang Pag-aaral sa Hulagway ng Pilipinong Seaman sa mga Maikling Kuwento at Tula (1990 – 2010)" (2015).

Para sa layunin ng papel na ito na palitawin ang mga usaping kinaharap sa pagtukoy sa mga akdang maritimo, ginamit ang mga nobelang *Aginaldo ng Dagat* (1945) ni Narciso S. Asistio, *Margosatubig* (1946/ 2012) ni Ramon Muzones, *Shri Bishaya* (1969/ 2015) ni Ramon Muzones, *Shifting Sands* (1997) ni Irah Borinaga, *Anina ng mga Alon* (2002) ni Eugene Evasco, at *Samboangan: The Cult of War* (2006) ni A.R. Enriquez. Sa mga maikling kuwento, pinagtuunan lamang ang mga akda ni Gremer Chan Reyes na tinukoy bilang maritimong manunulat: "Reyes is *more rooted to the sea* than any other Cebuano writer and it is through this combination of experiences that he has become one of Cebu's most respected writers of fiction" (Sabanpan-Yu 2009, 15. Aking diin). Si Reyes lang din ang may subtansiyal na mga akdang malinaw na nagtataglay ng katangiang maritimo. Ilan sa mga ito ang "Tinagoan sa Dagat" (1967) at mga koleksiyon sa *Man at Sea and Other Stories* (2009) gaya ng "Ang Bata, Ang Langgam, Ang Tawo" (The Child, The Bird, The Man), "Mga Binuhat sa Lawod" (Men at Sea), "Ang Isda sa Bulak sa Talikod" (The Fish of the Flower of Talikod), "Ang Bata ug ang Kasag nga Balinggiitan" (The Child and the Fearsome Crab), "Ang Tawo nga Nanamin sa Adlaw sa Tinagong Dagat" (A Day in the Life of a Man at Tinagong Dagat), at "Mga Baybayon ang Pikas Bahin sa Lawod" (A Shore on the Other Side of the Sea).

Mas marami nang akda ang aktuwal na natipon subalit makasasapat na ang mga nabanggit bilang kinatawan. Nais linawing hindi malalim ang pagsusuri sa nasabing mga teksto dahil ang pangunahing layunin ay mailitaw ang mga pagsubok na kinaharap sa pagtukoy at pagpapakahulugan. Ipinook ang mga halimbawang nobela at maikling kuwento sa mas malawak na pagtalakay sa kompleksiti ng pagpapakahulugan.

**MGA USAPIN SA PAGPAKSA O DI-PAGPAKSA SA DAGAT**

Napakadali para sa mga mananaliksik ng kasalukuyang panahon na ikubli ang dagat sa gunita dahil sa pag-unlad ng transportasyong panlupa at panghimpapawid gayundin ng telekomunikasyon. Pinaniniwalaang kahit / dahil lubhang integral ng maritimong karakter sa kasaysayan at kultura ng mga lipunang pulo-pulo, mabilis itong mawaglit sa postmodernong perspektiba (Baker x). Kaugnay nito, makabuluhang siyasatin ang mga batayan ng mga sinasabing pagsasaisantabi sa dagat, lalo na sa arkipelahikong bansa katulad ng Pilipinas.

Inuugnay ang konstant na paggalaw ng tubig bilang pangunahing dahilan kung bakit itinuturing na antitetikal ang dagat sa lupa. Bilang resulta, mas napagtutuunan sa akademiya ang Geography/ Heograpiya o "pagsulat tungkol sa daigdig" dahil mas nagagagap at naipaliliwanag ito samantalang napag-iiwanan ang Thalassography/ Talasograpiya o "pagsulat tungkol sa dagat" (Steinberg, "Foreword: On Thalassography" xv). Malimit ding pinagsisilbi ang karagatan bilang bakgrawnd habang sa kalupaan nangyayari ang tunay na aksiyon (Mack 19). Kaugnay nito, mahalagang suriin ang mga kategorya ng panunuring panlipunan (at pampanitikan) na pangunahing dinebelop upang unawain ang mga pamayanang terestriyal o nasa lupa (Bentley, Bridenthal, at Wigen 17). Paliwanag nina Anderson at Peters:

> *Due to the radical difference in physicality between the terrestrial and the oceanic, these perspectives serve to not only marginalize the marine world from scholarly study, but also preclude theoretical innovations that may help to conceptualize this world more properly. We have seen how geography has always been a 'land' discipline, but in this way is also became a 'locked' discipline, fixated on the sedentary, static and terrestrially rooted rather than processes of flow, hybridity and mobile routes. (11)*

Dahil sa makilos na katangian ng dagat, karaniwan sa mga akdang maritimo na pagsilbihing bakgrawnd at hindi nasasapul ang ontolohikal na katangian. Nagresulta ito sa pagkakaiwan sa laylayan ng akademikong diskurso ang karagatan dahil sinasabing nagsisimula at nagtatapos ang kasaysayan sa hangganan ng mga kontinente at nananahan sa mga kalupaan. Lahat ng istoryang lumampas sa dalampasigan ay pambungad o katulong lamang ng dakilang naratibong kontinental (Gillis, "Islands in the Making" 22).

Sa kabila nito, nagkakasundo ang mga iskolar sa Talasograpiya na relatibong mayaman ang pagpaksa sa dagat sa malikhaing pagsulat at panitikan. Sa katunayan, itinuturing itong isa sa mga pinaka-unibersal na simbolismo sa literatura (Raban 3). Karagatan ang nasa haraya ng makata sa pag-arok ng kailaliman at kaibuturan dahil dumadalas at sumisidhi ang pagpaksa sa "ilog ng daigdig" kapag pinagninilayan ang tungkol sa imensiti ng buhay at kabilang-buhay (Baker 24). Kahit sa teatro, malaganap ang metapora ng *misteryoso at hindi maarok* na dagat (Windmüller 23). Marahil ang likidong katangian na palagiang varyasyon at pagbabago ang sanhi kung bakit ito naging angkop sa mga *mito ng hindi maipaliwanag* (Sobecki 6. Aking diin). Kinikilala ang biyaya at buhay na hatid nito subalit itinuturing pa

ring *kakatwa* dahil sa kawalan ng estabilidad ng terra firma (Mathieson 146. Aking diin). Makabuluhan, kung gayon, na sipatin ang ganitong mga paglalarawan dahil napananatili at naipapalaganap nito ang partikular na imahen at kaisipan. Kailangang bantayan ang representasyon sa karagatan bilang *Iba* at baka magresulta ito sa pagtinging hindi bahagi ng lipunan ang dagat o "marine othering" (Steinberg, *The Social Construction of the Ocean* 37). Paliwanag ni Niel Smith, may tendensiya ang mga metapora sa espasyo na ituring ang mga aktuwal na espasyo bilang sisidlang patay o walang laman kung saan inilalagay ang mga bagay o pangyayari (Tally, *The Routledge Handbook of Literature* 34).

Sinikap na punan ng Heograpiya, Literatura, at iba pang larang ang sinasabing puwang sa pagitan ng materyal at metaporikal na dagat sa *Spatial Humanities*, *Spatial Literary Studies*, *Geocriticism*, o *Geopoetics*. Ekstensibong sisipiin si Robert Tally, Jr. sa pagpapakahulugan sa nasabing mga disiplina:

> *[G]eocriticism and spatial literary studies have also developed interdisciplinary or transdisciplinary methods and practices, frequently making productive connections to architecture, art history, geography, history, philosophy, politics, social theory, and urban studies, to name but a few. Spatial criticism is not limited to the spaces of the so-called real world, and it sometimes calls into question any too facile distinction between real and imaginary place, as it frequently investigates what Edward Soja has referred to as the "real-and-imagined" places we experience in literature as in life. [...] spatial critics have also explored the otherwordly spaces of literature, such as those to be found in myth, fantasy, science fiction, video games, and cyberspace. (Literary Cartographies x)*

Sa kabilang banda, pinabubulaanan namang magkabukod ang malikhain at materyal dahil nararanasan ang realidad sa pamamagitan ng mga salaysay. Sa patuloy na pag-igpaw sa lantay na positibismo at obhetibismo, kinikilalang hindi lamang palamuti ang mga elementong retorikal kundi sentral sa pagpapaunawa sa mga "di pamilyar" (Barnes at Duncan 3 at 6). Sa bisa ng mga metapora, naitatawid ang mga paglalarawan at pagpapakahulugan. At dahil likas sa tao ang komunikasyon, nabubuhay tayo sa walang katapusang daigdig ng mga naratibo (Bodenhamer, "Narrating Space and Place" 14). Sa katunayan, nagtataglay ng mayamang elementong etnograpiko ang mga batis pampanitikan (Mack 26).

Mas mahigpit ang kaugnayan ng karagatan sa malikhain at materyal na realidad ng mga bayang pulo-pulo. Dahil dito, mahalagang mapag-aralan ang Panitikang Maritimo bilang hiwalay at tumitindig na domeyn sa mga naratibong literari.

## TUNGO SA NAGSASARILING DOMEYN PAMPANITIKAN

Sa panahong itinuturing na postmoderno, sinasabing lumampas na ang Araling Pampanitikan sa pagtatakda ng mga kategorya. Bumaling na ang mga saliksik sa mga konseptong makilos gaya ng haybrid, liminal, bakas, bingit, lampas, pagitan, at tulay bilang reaksiyon sa mga pagkakahon at pagtatatak (Bassnet 85). Kabilang ang pagtatakda ng

pagkakapareho o pagkakategorya sa mga pinupuna ng mga kritiko bilang pagbaklas sa mga permanenteng kayarian. Reaksiyon ito sa kahulugan o layunin ng *genre* (o domeyn) bilang pagpapangkat sa mga akda (maaaring sa panitikan, sining biswal, pelikula at iba pa) batay sa pinagsasaluhang parehong katangian[3] (Chamberlain at Thompson 1; Chandler 1; Cohen 203; at Devitt 6). Totoong maraming pundamental na kahinaan ang tradisyonal, makaluma at konserbatibong konseptuwalisasyon sa anyo. Para sa mga masugid na kritiko, hindi katanggap-tanggap ang mga superpisyal at eksternal na pagpapangkat sa mga akdang pampanitikan.

Sa kabilang banda, para sa ibang kontemporaneong iskolar, hindi nakatuon sa estruktura o nilalaman ang genre (o domeyn) kundi kung ano ang layon nitong isakatuparan (Chandler 3 at Miller 151). Nangyayari ito kung mas nakatutulong sa pagpapaunawa ang kategorisasyon. Hindi rin ito estatiko at permanente kundi proseso at dinamikong hinuhubog ng at humuhubog sa parehong manunulat at mambabasa; at sa kultura, kasaysayan, politika, at ekonomiya. Umunlad at patuloy na umuunlad ang diskurso sa genre hindi lamang bilang tipo kundi balangkas at ideolohiya. Naniniwala si Miller na hindi kailangang tuligsain ang lahat ng uri ng pagpapangkat dahil may katawagan man o wala, pundamental ang klasipikasyon sa wika at pagkatuto (151).

Kaugnay nito, isinusulong ng saliksik ang pagpapakahulugan at pagturing sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas bilang domeyn sa panitikan. Batay sa depinisyon ni Mojares, pinakaangkop ang "domeyn" sa layunin ng pag-aaral dahil tumatawid sa iba't ibang genre ang maritimong topos (espasyo) dahil sa makilos nitong katangian. Nangangahulugan itong masaklaw ang pagkakaugnay ng dagat sa varayti ng kompigurasyong literari (Sobecki 24). Gayunman, mahalagang maituring ang "maritimo" bilang nagsasariling domeyn sa ilalim ng iba't ibang genre. Sa ganitong pagpapangkat, mapagsisilbing bukal ang mga akdang pumapaksa sa dagat at mga kaugnay na gawain para sa pagpapaunlad ng teorya at kritisismo. Makapaghahain din ito ng tentatibong iskema ng pagpapaunawa sa tekstong maritimo dahil pahiwatig ang parehong mga katangian para sa paghubog ng ekspektasyon. Dahil may inaasahan na ang mga mambabasa, maaari itong makapagresulta sa mas mabisang komunikasyon at pagpapahatid ng mensahe. Sa isang banda, maaari itong makahikayat na mas pahalagahan ang tradisyong maritimo na lumitaw sa mga nabasa. At sa kabilang banda, maaari itong makapagdulot ng pagkakataon para masuri ang motibo at layunin ng mga maritimong manunulat. Sa interaksiyon ng awtor at mambabasa, posibleng mabakas ang diwa ng nakaraan at ang transmisyon ng mga kultural na paniniwala sa karagatan.

Sa pagsipat sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas bilang hiwalay o nagsasariling domeyn, umaasang mas sistematikong masusuri ang angking kakanyahan ng nasabing topos. May potensiyal itong makapagpalitaw ng mahahalagang usapin sa produksiyong literari at kulturang maritimo sa Pilipinas.

**TALAKAY SA MGA MUNGKAHING KATANGIAN AT KAUGNAY NA USAPIN PARA SA PAGTUKOY AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MARITIMO**

Kung hindi nakasasapat ang simpleng paglahok sa dagat sa teksto upang maituring na "maritimo," ano-ano pang mga katangian ang mahalagang pagtuunan ng pansin? Sasagutin ang tanong sa bahaging ito.

Itatala ang nalagom na mga obserbasyon na mahalagang maisaalang-alang sa pagpapakahulugan. Batay sa sariling karanasan, masasabing hindi madali ang pagtukoy sa mga akdang maritimo na taliwas sa naunang ekspektasyon. Konserbatibo nga marahil ang panimulang hinuha na sapat na ang paglahok sa dagat sa teksto upang maging bahagi ng Panitikang Maritimo. Kaya ipaliliwanag ang mungkahing mga katangiang mahalagang taglayin ng mga akda upang maituring na maritimo: (1) Kritikal ang dagat at hindi lamang palamuti o bakgrawnd; (2) Pumapaksa sa kaugnay na mga gawain katulad ng pangingisda, paglalayag, pagbabarko, at iba pa na hindi nakapagpapalaho o nakapagpapabalewala sa dagat; (3) Nakapagpapalitaw ng kabuluhan ng dagat sa naratibo; at (4) Tumatalakay sa mga usapin ng pag-iral, paghahanap ng kahulugan, o emosyon na nagmumula sa danas ng kariktan, bagsik, at natatanging kapangyarihan ng dagat.

Nais linawing hindi inaangking pinal at kompleto ang itinalang mga katangian (at mga halimbawang teksto). Sa halip, inilalatag ang mga ito bilang mga panimulang punto at maaaring panatilihin, palawigin, o hamunin ng mga iskolar na nasa parehong interes mula sa Panitikan at iba pang larang. Kinikilalang ginagabayan ang bawat paunang pagtatangka ng pahayag na: "[N]o human mind will have the final vision, and no human voice will speak the final word about the sea. This [...] is but one attempt to gather together the most meaningful of what [...] has thought, sensed, and imagined about this fluid and potent element" (Gidmark xxiii).

**(1) Kritikal ang dagat sa naratibo**

Nalilikha at muling naipakikilala ng mga manunulat ang daigdig sa pamamagitan ng haraya at wika kaya nagkakahugis ang kabuluhan ng tagpuan sa panitikan. Sinusuri sa literatura kung paano inaakda at inilalarawan ang espasyo o pook at kung ano ang epekto nito sa aspektong sosyal, kultural, at politikal (Moslund 10). Nagiging mas makabuluhan ang interaksiyon ng awtor at mambabasa sa representasyon ng lugar dahil dito naipauunawa ang konteksto at pagkakakilanlan sa naratibo. Sa pamamagitan nito, nabubuksan ang imahinasyon at nagiging posible ang kongkretong pagkilos (van den Heever, "Spatializing Practices at the Intersections" 77). Sa kabila nito, malaon nang pinagsilbing bakgrawnd ang tagpuan, katulad ng dagat, dahil mas matimbang para sa mga manunulat (at bilang resulta, para sa mga mambabasa) ang paglalahad ng aksiyon sa iba't ibang panahon. Kinakatawan ng panahon (time) ang pag-usad ng naratibo at pagbabago samantalang tinitingnan naman ang espasyo bilang sisidlang hungkag kung saan naisisiwalat ang mga pangyayari (Tally, *The Routledge Handbook of Literature* 2).

Doble ang negatibong epekto nito sa maritimong pag-aaral dahil (a) itinuturing na pasibo at palamuti ang tagpuan kaya naisasantabi at (b) bilang tagpuan, natulak din ang

dagat sa laylayan dahil itinuturing itong antitetikal sa kalupaan. Naimpluwensiyahan ng ganitong pananaw ang mga Pilipino dahil sa epekto ng kolonyalismo na nakapagpabago sa maritimong paraan ng pamumuhay. Ipinataw ng mga mananakop ang kamalayang kontinental sa mga katutubo at kinasangkapan ang karagatan upang magsilbi sa kolonyal na layuning militar, politikal, at ekonomiko (Villan 11). Dito nanggagaling ang obserbasyon ni Olivia Swift (2007) na nagkaroon ng pagbibiyak ang lupa at dagat sa konsepto ng mga Pilipino. Naging mas komplikado ang nasabing usapin dahil sa pag-unlad ng transportasyong panlupa at panghimpapawid na nakapagpahina sa katubigan bilang pangunahing moda ng paglalakbay. Hindi na rin kailangang pisikal na magtagpo ang mga tao upang makapag-usap dahil sa nakamamanghang pag-abante ng telekomunikasyon. Naging sanhi ito ng unti-unting pag-urong ng dagat patungo sa laylayan ng kaisipan, kultura, at literatura. Paliwanag ni Steinberg, nag-iiwan ng puwang sa pag-unawa ang *parsiyal* na katangian ng pakikipagtagpo sa dagat kaya naging sentro ng mga akademikong disiplina ang kalupaan (Anderson at Peters 4. Aking diin). Sa katunayan, pinaniniwalaang ang kakulangan ng maritimong danas ng manunulat ang isa sa mga dahilan kung bakit pinagsilbing dekorasyon ang dagat sa mga naratibo (Edwards 219). Bilang resulta, naging ekstensiyon o kaligiran na lamang ng lipunang nakabase sa lupa ang karagatan. Kahit sa mga panahong pinaniniwalaang may pagsigla sa talasograpiya, lumilitaw na nakapagdaragdag nga ang dagat sa detalye subalit hindi talaga sentro o sabjek (Miller 3). Mabigat din ang implikasyon ng pananaliksik ni Steinberg kung saan natuklasang umiiral ang diskurso ng karagatan sa *labas* ng rasyonal na kaayusan ng daigdig (*The Social Construction of the Ocean* 35. Aking diin) dahil malayo sa terestriyal na moda ng pag-unawa.

Paano matataya kung gayon na kritikal ang karagatan sa naratibo? Hahalawin ang pahayag ni Foulke (2002) sa pagpapaliwanag ng punto: Hindi maituturing na "space literature" ang isang kuwento kung nabanggit lamang na nasa kalawakan ang astronaut subalit lahat ng aksiyon at pangyayari sa spaceship ay para lang ding nasa lupa. Sa parehong konteksto, hindi masasabing "panitikang maritimo" ang akdang mangingisda ang pangunahing tauhan at tabing-dagat ang tagpuan pero uminog ang kabuuan ng salaysay sa panliligaw ng bida sa mayamang kababata. Para sa layunin ng pag-aaral, isa itong halimbawa ng *hindi kritikal* ang dagat sa naratibo dahil sa dalampasigan lamang naganap ang mga pangyayari subalit hindi ang tagpuan ang nakapagpaunlad sa kuwento. Bilang kongkretong halimbawa, isa si Gremer Chan Reyes sa mga natukoy nang maritimong manunulat dahil sa katawan ng mga sulating pumapaksa sa dagat at mga kaugnay na gawain. Gayunpaman, sa *Men at Sea and Other Stories* (2009), koleksiyon ng maiikling kuwento sa Sebwano ni Reyes at isinalin ni Hope Sabanpan-Yu sa Ingles, hindi maituturing na "kritikal" ang dagat sa "Sa Utlanan sa Kahayag ug Kangitngit" (At the Edge of Light and Dark) kahit naganap ito sa pamayanang kostal ng Luyong Baybay. Tungkol ito sa mabuting relasyon ni Bb. Dalinas sa estudyante nitong si Daniel na nagkaroon ng lamat nang malaman ng bata na sundalo ang kasintahan ng guro. Kung babasahin ang subteksto, pinatay ng mga militar ang mga magulang ni Daniel kaya ito pumisan sa lugar ng lolo at lola kung saan malapit ang pinasukang paaralan sa elementarya. May paglalarawan sa kariktan ng dagat at gawain ng mga mangingisda subalit nagsilbi lamang ang mga itong pasibong bakgrawnd sa tensiyon sa pagitan ng

titser at mag-aaral. Samakatwid, hindi sapat na sa karagatan, dalampasigan, isla, o barko ang tagpuan upang mapabilang sa panitikang maritimo ang isang akda. Sa kabilang banda, naging makabuluhan naman ang aspektong maritimo ng ibang mga kuwento sa antolohiya katulad ng "Ang Bata, Ang Langgam, Ang Tawo" (The Child, The Bird, The Man), "Mga Binuhat sa Lawod" (Men at Sea), "Ang Isda sa Bulak sa Talikod" (The Fish of the Flower of Talikod), "Ang Bata ug ang Kasag nga Balinggiitan" (The Child and the Fearsome Crab), at "Ang Tawo nga Nanamin sa Adlaw sa Tinagong Dagat" (A Day in the Life of a Man at Tinagong Dagat).

*Bilang paglalagom, ang ibig sabihin ng "kritikal" sa pamantayan ay nakapagdudulot ang direktang danas sa dagat o mga kaugnay na gawain ng makabuluhang aksiyon at reaksiyon ng pangunahing mga tauhan; nahuhubog o naiimpluwensiyahan ng dagat ang mahahalagang pangyayari; at nakapagpapayaman ang representasyon ng dagat sa pagpapakahulugan ng maritimong lipunan sa iba't ibang aspekto.*

**(2) Pumapaksa sa mga kaugnay na gawaing maritimo na hindi nakapagpapabalewala o nakapagpapalaho sa dagat**

Hindi lamang ang mismong pisikal/heograpikal na dagat ang tinutukoy ng konseptong "maritimo" kundi pati na rin ang politikal, sosyal, ekonomiko, at kultural na pakikipag-ugnayan dito. Sa pakahulugan ni Windmüller, nasasaklaw nito ang mga sona ng pagtatagpo at pag-uugnayan (48) katulad ng pulo, baybayin, at sasakyang-pandagat. Makabuluhan ang nasabing mga tagpuan sa panitikan upang mapalutang ang iba't ibang gawaing pangkaragatan.

Bilang mga espasyong maritimo, kinakatawan ng isla at dalampasigan ang nagsasalimbayang konsepto ng hangganan at ugnayan. Sa isang banda, naglilimita ng pagkilos ang nakapalibot na dagat na kailangang tawirin upang marating ang ibayo pero nagsisilbi rin ang pulo at baybayin bilang entrada para sa mga darating mula sa dagat. Dahil sa ganitong katangian, inilalarawan ang mga ito bilang espasyong liminal ng paghihiwalay at pagtatagpo (Windmüller 57). Sa mga akdang pampanitikan, lumitaw sa mga salaysay ng eksplorasyon at kolonisasyon ang ugnayan ng mga tao o bagay kung saan namamagitan ang tubig (Miller 15). Mula sa perspektibo ng malawak at walang-hanggang karagatan, nagsisilbi ang mga isla bilang espasyo ng pagnanasa - natatakdaan subalit puno ng potensiyal (Windmüller 58). Matingkad din ang impluwensiya ng aplaya sa mga tao. Dito inilulunsad ang bangka ng mga mangingisda, namumulot ng mga kabibe o nanghuhuli ng mga talangka, o nagpipiknik ang mga pamilya o barkada. Gayundin, sa dalampasigan napupukaw ang imahinasyon ng mga manunulat o pilosopo upang pagmunian ang walang humpay na paghampas ng alon sa buhangin:

> *Despite revealing how both sides of the oceanic edge become transient and interactive, the discourse suggests that neither side loses its inherent essence. As the terrestrial and the oceanic continually change form, the complexity of the "edge" accelerates in step with contemplations of the by-the-sea narrators. This endlessly vacillating, oscillating quality is characteristic of the essence of what literature "by the sea" represents. (Yamashiro 6)*

Instrumento naman ang sakayan/bangka/barko upang marating ang ibang lupain sa pamamagitan ng dagat. Sa kapuluan ng Pilipinas, masusing pinag-aralan ng mga katutubo ang katangian ng karagatan, galaw ng mga alon, at pagbabago ng panahon. Sa pamamagitan nito, mabisang naiangkop ang disenyo ng mga sakayang-dagat depende sa gamit (Abrera 2002). Sa katunayan, itinuturing ng mga Austronesyano ang karagatan bilang ekstensiyon ng kalupaan at makabuluhang nailangkap ang hulagway ng tubig-alat sa oral na tradisyon katulad ng alamat, epiko, awit, bugtong, at iba pa. Sumasalamin ito sa maritimong kultura ng sinaunang mga pamayanan kung saan napakahalaga ng papel ng sakayan. Sa mga malikhaing akda, madalas na inilalarawan ang karagatan mula sa pananaw ng mga karakter na nasa sasakyang-pandagat pero may mga pagkakataon ding nagsasariling pinapaksa ang bangka/barko bilang esensiyal na bahagi ng naratibo o bilang katuparan ng kabuluhan ng nobela (Philbrick 258). Mabisang nailarawan ni Ramon Muzones sa *Margosatubig* (1946) ang makukulay na biniday, pangku, kumpit, at binta na nagpapaligsahan sa rikit at ringal gayundin ang makilos at maasahang mga sakayang ginagamit sa paglalakbay, pakikipagkalakalan, at pakikidigma. Sa paglipas ng panahon, nanatili ang imahen ng bangka/barko sa mga naratibo bilang piraso ng terra firma na naglululan at nagtatawid ng mga tao, produkto, at kaisipan.

Kaiba sa lupa, "three-dimensional" ang karagatan na maaaring maglarawan sa mga aktibidad sa ibabaw, ilalim, o gilid nito (dalampasigan) (Earle xvi). Sa kasamaang palad, madalas na hindi komprehensibong nahahagip ang nasabing katangian ng dagat, lalo na ang ilalim nito. Upang matukoy ang mga kaugnay na gawain, ipinanunukalang huwag limitahan ang "maritimo" sa *ibabaw* ng karagatan bagkus mahalaga ring paksain ang mga submarinong aktibidad (Yamashiro 81). Maituturing na halimbawa ang *Pulot-gata sa Ilalim ng Dagat* (1946) ni Pedro Reyes Villanueva ng kuwentong pumaksa rito. Tinalakay sa akda ang tungkol sa pagkasabik ng ikakasal na magsing-irog dahil kabilang sa kanilang honeymoon ang pagsisid at pagtagal sa ilalim ng dagat gamit ang diving suit. Bagaman maaari pang palalimin ang pagsusuri sa estilo at sining ng awtor, masasabing bago at nakamamangha ang scuba diving sa panahon ng pagkakalathala. Sa kasalukuyan kung kailan maunlad na ang teknolohiya para sa mga gawaing submarino (para sa layuning siyentipiko, isports, o libangan), mas madali nang mailalangkap ng mga manunulat ang katangian at kalagayan sa ilalim ng karagatan. Sa ibang halimbawa, nais namang hikayatin ni Tatang na tuklasin ng apong si Dodong ang hiwaga ng guhitang isda na nangangalaga sa isang uri ng bulaklak sa ilalim ng dagat (sa "The Fish of the Flower of Talikod" ni Reyes). Ipinahihiwatig nito ang isang uri ng kaalamang matatalos lamang sa matalik na pakikipag-ugnayan sa tubig-alat.

Kaugnay ng lahat ng nabanggit, ano-ano nga ba ang mga halimbawa ng gawaing maritimo? Inaasahan ang pagkakaiba-iba ng pagpapakahulugan dito sa bawat lipunan at panahon. Kung sa Pilipinas (o maritimong Timog Silangang Asya), nasa dulo ng ispektrum ang mga taong-dagat katulad ng mga Badjao na nananahan at namumuhay sa karagatan at nasa ibang punto ang mga mangingisda, maninisid ng perlas, mangangalakal, at pirata (Boomgaard 5-6). Masigla rin ang mga Pilipinong seaman sa paglalayag sa kapuluan at sa ibang bansa. Sa kabilang dulo naman mailulugar ang mga aktibidad ng mga pamayanang

nakatira malapit sa katubigan at mga dumayo sa dalampasigan sa iba't ibang kadahilanan. Kabilang din sa mga gawain ang paglalakbay ng mga tao at produkto mula at patungo sa ibang lupain sa pamamagitan ng dagat. Paliwanag ni Shin Yamashiro: "Pinagtutuunan ng panitikang maritimo ang paglalayag, pangingisda, ekspedisyon, migrasyon, o mga kaugnay na usapin gaya ng bagyo, pirata, mutiny, at digmaang nabal [...]; mga kuwento tungkol sa barko at marino; at mga gawain sa dalampasigan, pagsisid, at eksplorasyong submarino" (14). Naisisiwalat naman ang punto de bista ng mayayaman sa mga libangan katulad ng "luxurious cruise, sport fishing, and yacht racing" (Yamashiro 13).

Sa panahon ng globalisasyon, naging mas kompleks at problematiko ang diwa ng maritimong espasyo at pook. Matingkad ang ganitong kalagayan sa kalakalang pandaigdig kung saan mahigit 90% ng mga komoditi ang tinatransport sa pamamagitan ng dagat (UNCTAD 2016). Nananatili itong pinaka-episyenteng paraan ng bultuhang paglipat ng mga produkto sa buong mundo dala ng mga dambuhalang barko at espesyalisadong sisidlan ng kargo (Yamashiro 13). Dahil sa pag-abante ng teknolohiya sa nabigasyon at telekomunikasyon, naging matulin ang sirkulasyon ng kalakal na importante para sa mga kapitalista upang mabilis na mabenta ang produkto sa pamilihan.

Mahalaga ring suriin ang mga pantalan bilang pook sa kalupaan na unang nararating ng mga biyahero, produkto, at kaisipan. Walang dudang naging lunan ang sektor-maritimo ng mga bago at ibang idea dahil sa potensiyal ng pag-abot sa maraming pook at mamamayan (Peck 2). Barko ang unang nagtulay kay Jose Rizal upang makasalamuha ang iba't ibang lahi at mabatid ang liberalismo ng Europa. Lumawak ang perspektibo ng komunistang lider na si Ho Chi Minh habang naglilingkod sa kusina ng barkong Pranses noong 1911 (Fink 132). Kabilang ang mga marino at manggagawa sa pantalan sa unang nagbandila ng pakikipagkaisa sa radikalismo at internasyonalismo sa kilusang paggawa (Lillie 2006). Inaasahang makapagpapalitaw ng mga makabuluhang representasyon ang mga aktibidad sa barko mula sa panitikang seaman sa Pilipinas (Kaugnay nito, maaaring tingnan ang "Panimulang Pag-aaral sa Hulagway ng mga Pilipinong Seaman sa mga Maikling Kuwento at Tula, 1990-2010" [2015] ni Joanne Manzano).

*Bilang pagtatapos sa pamantayang ito, masasabing "gawaing maritimo" ang aksiyon o pangyayari na nagaganap sa isla; dalampasigan; sakayan, bangka, o barko; at ibabaw, ilalim, at gilid ng dagat. At sa naratibo, hindi dapat naisasantabi o naglalaho ang kahalagahan ng karagatan.*

**(3) Nakapagsisiwalat ng kabuluhan ng dagat**

Malimit makaligtaan ng mamamayan ang katotohanang ang mundo ay mundo ng katubigan (Langewiesche 3). Maaaring mamuhay ang mga tao sa dagat o lumipad sa ibabaw nito lulan ng eroplano subalit nananatili ang karagatan bilang pinakamalaking pagkakapareho ng sangkatauhan (Baker ix). Dahil 70% ng mundo ay tubig, malaki ang pakinabang ng buong daigdig dito. Nagsisilbi itong pinagkukunang-yaman at daluyan ng transportasyon para sa paglalakbay ng mga tao at produkto. Ayon kay Ove Hoegh-Guldberg, nasa US$2.5 trilyon ang Gross Marine Product (GMP) noong 2015 at tinataya

namang US$24 trilyon ang kabuuang yamang naibibigay ng karagatan. Nakuha ang ganitong halaga mula sa direktang awtput (pangingisda at aqua-kultura); serbisyo (turismo at edukasyon); kalakalan at transportasyon (pagbabarko); at kaugnay na mga benepisyo (bio-teknolohiya) (Hoegh-Guldberg 7). Sinasabing kung bansa ang karagatan, maituturing itong pampito sa pinakamalalaking ekonomiya sa daigdig. Kabilang ang mga baybayin ng Pilipinas sa mga pinakaproduktibo at pinakamayaman sa buong mundo. Nagresulta ito sa sektor ng pangingisda at iba pang gawaing nakasalig sa katubigan (White at Cruz-Trinidad 1). Mahigpit din ang pagkakaugnay ng kasaysayan ng bansa sa dagat dahil sa katangian nitong pulo-pulo. Kaya kung tutuusin, hitik ang maihahandog nitong maritimong tema, talinghaga, at banghay sa manunulat.

Sa pagtukoy sa kabuluhan ng dagat, mahalaga ring isaalang-alang ang matalik na ugnayan ng materyal at metaporikal. Magdudulot ng kahinaan para sa komprehensibong pag-unawa ang pagdambana sa pawang haraya. Importanteng maiwaksi ang pagtingin sa dagat bilang "ahistorical metaphoric entity" upang maituring itong teritoryong aktibo sa kasaysayan (Wondrich, "Shores of History" 142). Upang magawa ito, hindi sapat na hinaharaya lamang ng tao ang mundo ng mga tubig - esensiyal na *direktang* maranasan ito. Nagbubunga ang pakikisangkot sa dagat ng mga bagong teknik at representasyon sa malikhaing pagsulat na imposibleng makamit kung hinuhugot ang inspirasyon sa terestriyal na danas (Anderson at Peters 9). Kailangang nakapaloob sa organisasyon at manipulasyon ng materyal na daigdig ang imahinasyon dahil sa mutwal na relasyon ng mga ito. Kung nakapaghuhubog ng pag-unawa sa mundo ang harayang kultural, nakakaimpluwensiya rin sa hugis ng haraya ang pagdanas sa mundo (Smith 2). Mahigpit ang pangangailangan para sa pagpaksa sa kinapapaloobang kultural, politikal, at ekonomikong konteksto ng dagat. Kailangang ilangkap ang iba't ibang aspektong panlipunan sa pag-intindi sa kahalagahang maritimo ng mga malikhaing akda. Kaugnay nito, napakamakabuluhan ng *Anina ng mga Alon* (2002) ni Evasco na masining na naglarawan sa mga karanasan at pagsubok na kinaharap ni Anina, isang batang Badjao, at ng kaniyang pamilya. Naipamalas ang kultura ng mga taong tinaguriang mga anak ng tubig na sinasabing may "magandang kasaysayan na iginuhit ng dambuhalang page sa bughaw na rabaw ng dagat" (Evasco 10). Gayunman, kinaharap ng mga katutubo ang pagbabanta ng karagatan ng siyudad na iba at kadalasa'y marahas sa paniniwala at pamumuhay ng mga Badjao. Masasabing ang paghahabi ng saysay sa mga talinghaga at kongkretong detalye ay makakamit lamang sa pakikipag-ugnayan, pakikipamuhay, at pakikiisa sa mga mamamayan ng tubig (nanatili man o nilisan ang karagatan).

Gayundin, komon na kaalamang naganap ang kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin noong ika-15 siglo sa pamamagitan ng dagat. Sa layuning maghanap ng ginhawa, itinuturing ang karagatan bilang makapangyarihang puwersang nagtulak sa mga sinaunang tao upang tuklasin ang mas malawak na mundo. Sa pagpapalawak ng kapangyarihan ng mga dayuhan, nailimbag din ang maraming mga pormal na ulat, sulatin tungkol sa paglalakbay, at malikhaing akda na may maritimong tema. Sa panahon ng Romantisismo sa Europa, umunlad ang kritisismong pampanitikan tungkol sa patakarang

ekspansiyonismo at kalikasan ng sistemang kapitalismo. Dito, napagtantong hindi nyutral ang pag-akda sa mga kaganapang panlipunan dahil naisisiwalat ng manunulat ang karahasang kaakibat ng pagtupad ng layuning ekonomiko ng kapitalistang lipunan (Peck 6). Dahil sa masaklaw na implikasyon ng nabigasyon, niyakap ng mga maritimong nasyon ang naratibo ng karagatan bilang integral na bahagi ng pag-iral at pagkakakilanlan (Peck 27). Susog ni Wondrich, nagsisilbi ang mga tekstong literari bilang semantikong imbakan ng pambansang kasaysayan at alaalang kultural na nagtatampok sa paglalayag bilang paralel sa produksiyong pampanitikan (Mathieson 12). Sa kabilang panig, mamamalas naman sa kasaysayan ng mga nakolonyang isla sa Pasipiko ang negatibong epekto ng materyal at simbolikong karahasan ng kolonyalismo. Sa mga panulat ni Antonio Pigafetta, inilarawan niya ang mga kababalaghan at kakatwa sa mga katutubong pamayanan upang patingkarin ang pagiging "di-sibilisado" o "eksotiko" ng mga ito (sa Mojares 2006). Makikita ang parehong kiling sa mga akda ng mga Amerikano tungkol sa Pilipinas katulad ng "Brownies in the Philippines" (1904) ni Cox Palmer, "Wanderings Among South Sea Savages and in Borneo and the Philippines" (1909/ 1910) ni Wilfrid H. Walker, "The Isles of Fear: The Truth about the Philippines" (1925) ni Katherine Mayo, at "Sailing the Sulu Sea: Belles and Bandits in the Philippines" (1940) ni David Potter. Patunay ang mga ito sa pagkasangkapan ng mga imperyalista sa representasyon at moda ng persepsiyon upang wasakin ang katutubong kultura (Keown 18). Kaya mahalagang paunlarin ang kritikal na postkolonyal na panulat at panunuring pampanitikan upang mabunyag ang ideolohikal na motibo ng mga mananakop. Sa pamamagitan nito, maibabalik sa mga katutubo ang kapangyarihang bigyang-kahulugan ang sariling pagkakakilanlan.

*Bilang paglalagom, masasabing makabuluhan ang dagat sa kuwento kung napaglalangkap ang fiksiyonal at materyal at naiuugnay ito sa ibang aspektong panlipunan at pangkasaysayan. Gayundin, kailangang isalang sa interogasyon ang paraan ng representasyon upang maibunyag ang konteksto at subteksto ng akda. Mahalaga ito dahil hindi tumatayong mag-isa ang tagpuan sa naratibo at parati itong hinuhulma ng perspektiba ng parehong manunulat at mambabasa.*

**(4) Tumatalakay sa mga usapin ng pag-iral, paghahanap ng kahulugan, o damdaming nagmumula sa danas ng kariktan, biyaya, bagsik, at natatanging kapangyarihan ng dagat**
Karaniwan sa mga sinaunang kultura ang paggamit ng naratibo upang makontrol at maunawaan ang kompleksiti ng nagsasalimbayang mga kaganapan (Bodenhamer, "Narrating Space and Place" 11). Sa parehong paraan kinasangkapan ng mga sinaunang Pilipino ang salaysay upang maunawaan ang kapaligiran katulad ng karagatan. Lumitaw halimbawa sa alamat ng mga Bisaya ang dualistikong katangian ng diyosang si Magwayen na may dominyon sa mga katubigan ng daigdig. Tagapaghandog siya ng biyaya sa mga pamayanan subalit tagapaghatid din ng malalakas na ulan, baha, dambuhalang alon, at alimpuyo kapag nagngangalit. Maituturing itong mabisang repleksiyon kung paano hinaraya ng mga katutubo ang mga puwersa ng kalikasan at nagpapahiwatig ng mga pagpapakahulugan sa bayang pulo-pulo. Patunay itong lumalampas sa antas ng abstraksiyon ang mga simboliko at produkto ng imahinasyon patungo sa pagbibigay-linaw

sa mga aspektong historikal, politikal, at ekonomiko. Nagpapatuloy ang pagrehistro sa maritimong impresyon sa mga ekspresyong artistiko at literari na makabuluhang pamana sa maraming kultura (Isham xix).

Sa mga salaysay nagkakahugis ang pagkakakilanlan ng mga mamamayan at sa mga naratibo rin napananatili, naipalalaganap, at nagpapatuloy ang mga ito. Dahil nakapagsilang ang karagatan ng mga radikal na pagbabago sa buhay ng tao at mga pambansang kasaysayan, patuloy rin nitong sinasaklaw ang mga mito, simbolismo, at awit sa kultura at kaisipan (Ambrosio 226-227). Integral ang ganitong mga katangian sa mga tauhan sa *Shri-Bishaya* (1969) ni Ramon Muzones. Sa malikhaing adaptasyon ng kuwento ni Maragtas, naghahandog ng iba't ibang yaman ang karagatan kabilang ang ekonomikong ginhawa at kapangyarihang politikal. Kaya masasabing may diyalektikal at dayalohikal na ugnayan ang dagat sa malikhaing akda at ang dagat sa materyal na mundo.

Sa ganitong kalagayan, nagsisilbing simbolikong lunan ang karagatan upang taimtim na galugarin ang kalikasan at kahulugan ng pagiging tao (Philbrick vii). Nag-uumapaw ang pagpuri at pagtangis ng mga manunulat tuwing pinagninilayan ang mahiwagang kilos ng mga alon (Gidmark xv). Nagkaanyo ang kaparehong eksistensiyal na mga usapin sa *Shifting Sands* (1997) ni Irah Borinaga. Sentral ang dagat sa paglilimi ng mga pangunahing karakter sa nakaraan at kasalukuyang danas sa isla. Nagsasalimbayan ang pag-alaala ni Mariel sa epekto ng pagkalunod ng kasintahang doktor at ang paninimbang ng kaibigang si Jaylou sa mga gagawing pasya. Sa gitna ito ng panganib sa kostal na pamayanan na nagbabadyang masira ang payak na pamumuhay dahil sa plano ng may-ari ng isla na gawin itong "world class resort."

Ilan pa sa mga halimbawa ng simbolikong manipestasyon ng pisikal at materyal na karagatan ang pagturing sa eksplorasyon bilang hulagway ng malaya o walang sagkang pagkilos (Remmington, "Through Dustless Tracks" 106); pagkakatuklas ng mga bagong lupain bilang tunggalian ng katutubong kultura at indibidwal na kalayaan ng mga dayuhan (Isham 31); kolonisasyon bilang pagkapukaw ng politikal na kamalayan (Duché, "A Sea of Stories" 24); at dagat bilang oportunidad, pagbabago, at kasaysayan (Miller 13). Mamamalas ang representasyon ng nasabing mga layunin ng mga kolonisador sa *Samboangan: The Cult of War* (2006) ni A.R. Enriquez. Sa nasabing fiksiyong historikal, naging lunan ang karagatan ng kulturang maritimo ng mga katutubong pamayanan at kung paano nila ipinagtanggol ang mga ito laban sa mga mananakop. Anopa't masasabing ang kontemporaneong naratibong dagat ay espasyo kung saan nagtatagpo ang kasaysayan at kasalukuyan.

*Bilang panghuli, mahalagang suriin ang epekto ng karagatan sa mga pilosopikal at metaporikal na usapin ng pag-iral, pagpapakahulugan, at pagbabago. Bahagi ito ng kamalayang pandagat na maaaring makapagpalabas sa alternatibong pagbasa. Sa pamamagitan lamang ng pagsuri sa parehong pisikal at simboliko malulubos ang pag-unawa sa akdang maritimo.*

**PANGWAKAS**

Nang ibahagi ko sa isang akademiko ang tungkol sa saliksik, naitanong niya kung kailangan pa bang gawin ito. Marahil magkaiba lamang kami ng interes o maaari ding matapat ang kaniyang paniniwalang hindi na kailangang tukuyin ang mga akdang maritimo sa Pilipinas. Maituturing na pareho ito sa pagtingin ni Ted Underwood, propesor sa University of Illinois na nagpahayag na may mga paksa o anyo sa literatura, katulad ng dagat, na kahit hindi malalimang suriin ay magreresulta sa inaasahan (predictable o madaling hulaan). Gayunman, batay sa sariling danas, maaari ding masorpresa ang ibang mananaliksik sa pagdalumat sa malikhaing akdang maritimo. Mas malaki ang posibilidad ng pagkakatuklas sa mga larang na naisasantabi dahil sa pagturing na "gasgas" o "karaniwan." Sa halip na pasibong ipawalang-saysay ang dagat, isinusulong ang ibayong paglalahok sa mga akdang nasusulat sa mga wikang rehiyonal. Isang hakbang ito upang makabuo ng mas komprehensibong pagpapakahulugan sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas. Bukod dito, inaasahang makapagluluwal ng mga bago, alternatibo, o radikal na pagpaksa ang mga pagbabagong hatid ng globalisasyon ng industriyang maritimo. Lalong nagiging makabuluhan ang kahalintulad na saliksik dahil ang bansa ang pinakamalaking suplayer ng mga seaman sa buong mundo.

Kaya nananatili ang pangangailangan para sa masinop, komprehensibo, at empirikal na pamamaraan ng pagtitipon upang makatungo sa mas malalim na pagpapakahulugan at pagteteorya sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas. Inaakong kabilang sa mga kahinaan ng papel na ito ang paggamit ng mga dayuhang teksto bilang inisyal na mga sanggunian. Malulutas lamang ito kapag mabubukal sa mga tekstong Filipino ang haraya at pagpapahalagang maritimo na hinubog ng kinapopookang kasaysayan, kultura, politika, at ekonomiya.

## MGA SANGGUNIAN


Abrera, Ma. Bernadette. "Bangka: Isang Paglalakbay tungo sa Kasaysayan at Kalinangang Bayan," Diss. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2002. Limbag.

Ambrosio, Dante L. *Balatik: Etnoastronomiya: Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino.* Lungsod Quezon: UP Press, 2010. Limbag.

Anderson, Jon at Kimberley Peters. *Water Worlds: Human Geographies of the Ocean.* England at USA: Ashgate, 2014. Limbag.

Baker, Samuel. *Written on the Water: British Romanticism and the Maritime Empire of Culture.* USA: University of Virginia Press, 2010. Limbag.

Barnes, Trevor J. at James S. Duncan, mga ed. *Writing Worlds: Discourse, Text, and Metaphor in the Representation of Landscape.* London: Routledge, 1992. Limbag.

Bassnet, Susan. "Translating Genres." Sa *Genre Matters: Essays in Theory and Criticism.* Mga ed. Garin Dowd, Lesley Stevenson, at Jeremy Strong. Bristol UK: Intellect Books, 2008. 85-95. Limbag.

Bentley, Jerry H., Renate Bridenthal, at Kären Wigen, mga ed. *Seascapes Maritime Histories, Littoral Cultures, and Transoceanic Exchanges*. Honolulu: University of Hawai'i Press, 2007. Limbag.

Bodenhamer, David J., John Corrigan, at Trevor M. Harris, mga ed. *Deep Maps and Spatial Narratives*. Bloomington, Indiana: Indiana University Press, 2015. Limbag.

Bodenhamer, David J. "Narrating Space and Place." Sa *Deep Maps and Spatial Narratives.* Mga ed. David J. Bodenhamer, John Corrigan, at Trevor M. Harris. Bloomington, Indiana: Indiana University Press, 2015. 7-27. Limbag.

Boomgaard, Peter, ed. *A World of Water: Rain, Rivers, and Seas in Southeast Asian Histories.* Leiden: KITLV Press, 2007. Limbag.

Chamberlain, Mary at Paul Thompson, mga ed. *Narrative and Genre.* London: Routledge, 1998. Limbag.

Chandler, Daniel. 1997. "An Introduction to Genre Theory." http://www.aber.ac.uk/media/Documents/intgenre/intgenre.html. Web. Inakses noong 8 Mayo 2019.

---. "The Chronotopes of the Sea." *The Novel Volume 2 Forms and Themes.* Ed. Franco Moretti, New Jersey: Princeton University Press, 2006. 647-666. Limbag.

Cohen, Margaret. *The Novel and the Sea.* New Jersey: Princeton University Press, 2010. Limbag.

Cohen, Ralph. "History and Genre." *New Literary History* 17.2 (1986): 203-218. Limbag.

Devitt, Amy J. *Writing Genres.* USA: Southern Illinois University Press, 2004. Limbag.

Duché, Elodie. "'A Sea of Stories': Maritime Imagery and Imagination in Napoleonic Narratives of War Captivity." *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600-Present.* Ed. Charlotte Mathieson. Palgrave Macmillan, 2016. 47-80. Ebook. Inakses noong 1 Hulyo 2017.

Earle, Sylvia A. *Sea Change: A Message of the Oceans.* New York: Ballantine Books, 1995. Limbag.

Edwards, Philip. *The Story of the Voyage: Sea-Narratives in Eighteenth Century England.* Cambridge: Cambridge University Press, 1994. Limbag.

Evasco, Eugene Y. *Anina ng mga Alon.* Lungsod Quezon: Adarna House, 2002. Limbag.

Fink, Leon. *Sweatshops at Sea: Merchant Seamen in the World's First Globalized Industry from 1812 to the Present*. USA: The University of North Carolina Press, 2011. Limbag.

Foulke, Robert. *The Sea Voyage Narrative.* New York: Routledge, 2002. Limbag.

Gidmark, Jill B., Ed. *Encyclopedia of American Literature of the Sea and Great Lakes.* Connecticut: Greenwood Press, 2001. Limbag.

Gillis, John R. "Islands in the Making of an Atlantic Oceania, 1500-1800." Sa *Seascapes Maritime Histories, Littoral Cultures, and Transoceanic Exchanges.* Mga ed. Jerry H. Bentley, Renate Bridenthal, at Kären Wigen. Honolulu: University of Hawai'i Press, 2007. 21-37. Limbag.

Hoegh-Guldberg, Ove. *Reviving the Ocean Economy: The Case for Action 2015*. Switzerland: World Wide Fund for Nature, 2015. Web. 11 Mayo 2016.

Isham, Howard. *Image of the Sea: Oceanic Consciousness in the Romantic Century.* New York: Peter Lang, 2004. Limbag.

Keown, Michelle. *Pacific Islands Writing: The Postcolonial Literatures of Aotearoa/ New Zealand and Ocean.* Oxford at New York: Oxford University Press, 2007. Limbag.

Klein, Bernhard at Gesa Mackenthun, mga ed. *Sea Changes: Historicizing the Ocean.* New York at London: Routledge, 2004. Limbag.

Langewiesche, William. *The Outlaw Sea: A World of Freedom, Chaos, and Crime*. London: Granta Books, 2004. Limbag.

Lillie, Nathan. *A Global Union for Global Workers: Collective Bargaining and Regulatory Politics in Maritime Shipping*. New York at London: Routledge, 2006. Limbag.

Mack, John. *The Sea: A Cultural History.* UK: Reaktion Books, Ltd., 2011. Limbag.

Manzano, Joanne Visaya. "Panimulang Pag-aaral sa Hulagway ng Pilipinong Seaman sa mga Maikling Kuwento at Tula (1990-2010)." *Lagda: Journal ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas* 10.1 (2015): 169-204. Limbag.

Mathieson, Charlotte, ed. *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600-Present*. Palgrave Macmillan, 2016. Ebook. 1 Hulyo 2017.

Miller, Carolyn R. "Genre as Social Action." *Quarterly Journal of Speech* 70 (1984): 151-167. Limbag.

Miller, Peter N., ed. *The Sea: Thalassography and Historiography.* USA: University of Michigan Press, 2013. Limbag.

Mojares, Resil. "The Imaginary Body of the Nation". Binasang papel sa UP Centennial Lecture Series, UP Diliman, Quezon City, Setyembre 22, 1998. Limbag.

Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940.* Quezon City: UP Press, 1998. Limbag.

Mojares, Resil. *Waiting for Mariang Makiling. Essays in Philippine Cultural History*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2006. Limbag.

Moslund, Sten Pultz. *Literature's Sensuous Geographies: Postcolonial Matters of Place.* New York: Palgrave Macmillan, 2015. Limbag.

Peck, John. *Maritime Fiction: Sailors and the Sea in British and American Novels, 1719-1917.* Hampshire at New York: Palgrave, 2001. Limbag.

Philbrick, Thomas. *James Fenimore Cooper and the Development of American Sea Fiction.* Massachusetts: Harvard University Press, 1961. Limbag.

Remmington, Janet. "'Through Dustless Tracks' for African Rights: Narrative Currents and Political Imaginaries of Solomon Plaatje's 1914 Sea Voyage." *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600-Present.* Ed. Charlotte Mathieson. Palgrave Macmillan, 2016. 81-110. Ebook. Inakses noong 1 Hulyo 2017.

Reyes, Gremer Chan. *Men at Sea and Other Stories.* Salin Hope Sabanpan-Yu. Manila: NCCA, 2009. Limbag.

Sobecki, Sebastian I. *The Sea and Medieval English Literature*. Cambridge: D.S. Brewer, 2008. Limbag.

Steinberg, Philip E. *The Social Construction of the Ocean.* UK: Cambridge University Press, 2001. Limbag.

Steinberg, Philip. "Foreword: On Thalassography". *Water Worlds: Human Geographies of the Ocean.* Mga ed. Jon Anderson at Kimberley Peters. England at USA: Ashgate, 2014. xiii-xvii. Limbag.

Swift, Olivia. "'Natural Born' Sailors? Reconsidering Stereotypes of Filipino Global Seafarers." *Agham Tao* 16 (2007): 1-28. Web. Inakses noong 10 Hulyo 2017.

Tally, Robert T., Jr., Ed. *Literary Cartographies: Spatiality, Representation, and Narrative*. New York: Palgrave Macmillan, 2014. Limbag.

Tally, Robert T., Jr., Ed. *The Routledge Handbook of Literature and Space*. Oxon at New York: Routledge, 2017. Limbag.

UNCTAD (United Nations Conference on Trade and Development). *Review of Maritime Transport 2016*. Geneva: United Nations Publication, 2016. unctad.org. Web. Inakses noong 12 Mayo 2017.

Van den Heever, Gerhard. "Spatializing Practices at the Intersections: Representations and Productions of Spaces." *The Routledge Handbook of Literature and Space*. Ed. Robert T. Tally, Jr. Oxon at New York: Routledge, 2017. 70-82. Limbag.

Villan, Vicente. "Sakayan, Sining at Wika: Pagpopook sa Ugnayang Panlipunan at Pangkalinangan ng Pilipinas sa Harap ng Pangkaayusang Pagbabanyuhay sa Daigdig Noong Ika-17 at Ika-18 Siglo." *SALIKSIK E-Journal* 2 (2013): 1-29. Web. Inakses noong 7 Hulyo 2018.

White, Alan T. at Annabelle Cruz-Trinidad. *The Values of Philippine Coastal Resources: Why Protection and Management are Critical*. Cebu City: Coastal Resource Management Project, 1998. Web. Inakses noong 7 Mayo 2017.

Windmüller, Gunda. *Rushing Into Floods: Staging the Sea in Restoration and Early Eighteenth-Century English Drama*. Germany: V & R Unipress at Bonn University Press, 2012. Web. Inakses noong 1 Hulyo 2017.

Wondrich, Roberta Gefter. "Shores of History, Islands of Ireland: Chronotopes of the Sea in the Contemporary Irish Novel." *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600-Present.* Ed. Charlotte Mathieson. Palgrave Macmillan, 2016. 139-170. Ebook. Inakses noong 1 Hulyo 2017.

Yamashiro, Shin. *American Sea Literature: Seascapes, Beach Narratives, and Underwater Explorations*. New York: Palgrave Macmillan, 2014. Limbag.

## MGA TALA

[1]Lampas sa pormalistang lapit, masasabing naitulak ng pagiging imperyalistang bansa ng Amerika at Britanya ang interes ng mga manunulat sa karagatan. Nagsilbing tulay at daluyan ang mga malikhaing akda sa pagpaparating sa mga mamamayan ng tungkol sa pakikipagsapalaran ng mga marino (at iba pang lulan ng barko) sa paglalayag at paglalarawan ng mga bagong tuklas na lupain. Gayunman, mas mahalagang tandaan na kaakibat ng produksiyong literari ang pagpapatampok sa imperyalistang layunin ng mga kolonisador.

[2]Malay ang mananaliksik sa mga limitasyon ng Google Ngram katulad ng pagkakamaling hatid ng OCR (Optical Character Recognition) sa digital na datos lalo na sa matatandang aklat; pag-iisa ng mga akda mula sa iba't ibang disiplina (nagiging monolitiko ang tingin sa mga hangganan at hugpungan, pagpapakahulugan, o kompleksiti); paglahok sa iilang wika lamang; at pagsasama-sama ng akademiko at di-akademikong katha. Gayunman, mabisa itong lunsaran para mabilis na makita ang dalas (frequency) ng pagpaksa na maaaring maging lunsaran sa mas malalim na pagsusuri.

[3]Bagaman nananatiling usapin kung ano ang mga katangian at kung sino ang nagtatakda ng mga pamantayan para sa pagkakapareho.